

Tulong Pagkatapos ng isang Kalamidad

Patnubay ng Aplikante sa Programa para sa mga Indibidwal at
Mga Sambahayan

FEMA 545 / Hulyo 2008

Applicant's Guide to the Individuals & Households Program – Tagalog 7/08



Ang Ahensiyang Namamahala ng Emerhensyang Pederal (Federal Emergency Management Agency - FEMA), sa ilalim ng kapangyarihan ng seksyon 408 ng Gawa sa pangalan ni Robert T. Staffor para sa Tulong sa Emerhensiya at Kaghinhawahan pagkatapos ng Kapahamakan (Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act), 42 U.S.C. §5174, at Titulo 44 ng Kalakaran ng Pederal na Kodigo (Code of Federal Regulation - CFR), ay maaaring magbigay ng pinansyal na tulong at, kung kinakailangan, mga tuwirang serbisyo sa mga kwalipikadong indibidwal at mga sambahayan na, bilang tuwirang resulta ng isang malaking kalamidad, may mga hindi maiwasang gastos at mga pangunahing pangangailangan at hindi makabayad sa mga ganoong gastos o mga pangangailangan gamit ang ibang mga paraan.

Mahal na Aplikante:

Bilang bahagi ng aming patuloy na pagsisikap upang malinaw na maipaalam ang mga kinakailangan, dokumentasyon, at mga proseso ng Programa para sa mga Indibidwal at Mga Sambahayan (Individuals and Households Program - IHP) ng FEMA, ibinibigay namin sa inyo ang dokumento na ito. Ang dokumento na ito ay naglalaman ng magagamit na impormasyon ukol sa programa ng IHP. Para sa mga ispesipikong mga katanungan tungkol sa kalamidad, ang laging pinaka-mainam na gawin ay ang bisitahin ang aming website sa www.fema.gov o tawagan ang Numero na makakatulnog galing sa FEMA kapag may kapahamakan (FEMA Helpline) sa 1-800-621-3362 (FEMA) (TTY 1-800-462-7585 para sa mga may kahirapan sa pandinig).

Bilang pagtugon sa Gawang Repormado ng Pamamahalang Emerhensiya Matapos ang Pangyayari ng Katrina Noong 2006 (Post Katrina Emergency Management Reform Act), kasalukuyang isinasapanahon ng FEMA ang aming mga polisiya at mga programa upang isama ang mga bagong awtoridad na itinakda ng Kongreso sa FEMA. Habang inilalagay ang mga bagong polisiya at mga pamamaraan sa lugar, ang mga isinapanahong bersiyon ng patnubay sa aplikante na ito ay makukuha ng publiko sa website ng FEMA, sa aming mga Lunsurang Pagkakasauli dahil sa Kapahamakan, at sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo para sa lahat ng mga aplikante na nag-aaplay sa telepono o online.

Ang mga programa ng FEMA ay dinisenyo upang tulungang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan at tumulong sa mga indibidwal at sa kanilang mga sambahayan sa pagsasagawa ng mga unang hakbang sa pag-ahon muli. Hindi layunin ng mga programa ng FEMA ang ibalik ang lahat ng mga tahanan o mga pag-aari sa kanilang kondisyon bago maganap ang kalamidad.

Ikinalulugod namin na makipagtulungan sa iyo sa proseso ng pag-ahon muli habang ikaw at ang iyong komunidad ay nagtatayo muli pagkatapos ng isang kalamidad.

Sumasainyo,
FEMA Disaster Assistance Directorate

MGA NILALAMAN

Buod ng Programa para sa mga Indibidwal at Mga Sambahayan	1
Mga Uri ng Tulong	2
Ang Iyong mga Karapatang Sibil at Tulong sa Kalamidad	2
Proseso ng Tulong sa Kalamidad.....	3
Pagiging Karapat-dapat para sa Programa.....	5
Mga Uri ng Kwalipikadong Pangulugi.....	6
Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Tulong sa Kalamidad	8
Kung Ikaw ay Karapat-dapat Makatanggap ng Tulong	9
Impormasyon Ukol sa Bayad sa Seguro at Tulong sa Kalamidad.....	10
Nais Kong Iparebyu Muli ang Aking Kaso (Apela).....	12
Paggawa Muli at Pagpapaayos – Mitigation Measures	14
Impormasyon Ukol sa Impormasyon sa Programa ng Karagdagang Tulong sa Kalamidad).....	15
Mga Madalas na Katanungan at mga Sagot.....	19
Paglalarawan ng mga Dahilan na Hindi Kwalipikado	25
Sampol FEMA Form 90-69B Declaration and Release.....	33
FEMA Fraud Hotline	34

Buod ng Programa para sa mga Indibidwal at Mga Sambahayan (IHP)

LAYUNIN: Kapag may nangyayaring mga kalamidad, ang **Programa para sa mga Indibidwal at Mga Sambahayan (Individuals and Households Program - IHP)** ang nagtutustos ng pera at nagbibigay ng mga serbisyo sa mga tao na nasa lugar ng kalamidad kapag ang pangulugi ay hindi sakop ng bayad sa seguro at ang ari-arian ay napinsala o nasira.

Ang patnubay na ito sa programa ay nagbibigay ng impormasyon na tutulong sa iyo na maunawaan ang IHP at magpapaliwanag kung paano mag-aplay. Kailangan mong matupad ang mga ispesipikong kondisyon sa pagiging karapat-dapat upang maging kwalipikado sa tulong.

Ang IHP ay dinisenyo upang tumulong sa iyo sa mga hindi maiwasang gastos na hindi maaaring sakupin ng ibang mga paraan.

MGA LIMITASYON: Hindi lahat sasakupin ng IHP ang lahat ng iyong pangulugi mula sa pinsala ng iyong ari-arian (bahay, personal na ari-arian, ari-arian sa bahay) na resulta ng kalamidad.

Hindi layunin ng IHP ang ibalik ang iyong napinsalang ari-arian sa dating kondisyon nito bago mangyari ang kalamidad. Sa ilang mga kaso, maaari lamang magtustos ang IHP ng sapat na pera, hanggang sa takda ng programa, upang ang isang bagay ay magamit muli.

Hindi sinasakop ng IHP ang pangulugi na may kinalaman sa negosyo na resulta ng kalamidad.

Ayon sa batas, hindi maaaring magtustos ng pera ang IHP sa iyo para sa pangulugi na sakop ng iyong bayad sa seguro.

Habang may kaunting perang maaaring makuha sa pamamagitan ng IHP, ang karamihan ng tulong sa kalamidad mula sa pederal na gobyerno ay nasa anyô ng pagpapautang mula sa **Pamamahala ng mga Maliliit na Negosiyo** (Small Business Administration - SBA) na kinakailangang bayaran muli. Maaaring kailanganin ng mga aplikante sa IHP na humingi muna ng tulong sa SBA bago sila maisaalang-alang para sa ilang mga uri ng tulong sa IHP. Hindi mo kailangang mag-sumite ng aplikasyon sa pautang ng SBA upang maisaalang-alang para sa tulong sa rental ng FEMA.

Mga Uri ng Tulong

Ipinapakita ng sumusunod na listahan ang mga uri ng tulong na maaaring makuha sa IHP at kung ano ang ibinibigay nito.

Pansamantalang Pabahay (isang tahananang matitirahan para sa limitadong panahon lamang): May makukuhang pera upang maka-upa sa ibang lugar na titirahan, o kaya may nakalaang unit na pabahay ang gobyerno kapag walang makuhang paupahan.

Pagpapaayos: May makukuhang pera ang mga may ari ng bahay upang ipaayos ang napinsala ng kalamidad na hindi sakop ng bayad sa seguro. Ang layunin ay ang gawing ligtas, malinis at magagamit ang napinsalang tahanan.

Kapalit: May makukuhang pera ang mga may ari ng bahay upang mapalitan nila ang kanilang tahanan na nasira sa kalamidad at na hindi sakop ng bayad sa seguro. Ang layunin ay ang tulongan ang mga may ari ng bahay sa gastos ng pagpalit sa kanilang nasirang tahanan.

Pagtatayo ng Pampalagian na Tirahan: Tuwirang tulong o pera para sa pagpapatayo ng isang tahanan. Ang uri ng tulong na ito ay makukuha lamang sa mga insular na lugar o malalayong lokasyon na tinukoy ng FEMA, kung saan walang ibang uri ng tulong na makukuha sa pabahay.

Iba pang mga Pangangailangan: May perang makukuha para sa mga hindi maiwasang gastos at mga pangunahing pangangailangan na dulot ng kalamidad. Kabilang dito ang medical, dental, pagpapalibing, personal na ari-arian, transportasyon, paglipat at pag-imbak, at iba pang mga gastos na pinahihintulutan ng batas.

Ang Iyong Mga Karapatang Sibil at Tulong Sa Kalamidad

Ang Gawa sa pangalan ni Robert T. Stafford para sa Tulong sa Emerhensiya at Kaginhawahan pagkatapos ng Kapahamakan (Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act – Stafford Act) ay ang batas na nagpapahintulot sa Pederal na tulong kapag idineklara ng Pangulo na ang isang Estado ay disaster area (lugar na lubos na napinsala ng kalamidad). Ang seksyon 308 ng Stafford Act ay nagprotektta sa mga indibidwal mula sa diskriminasyon batay sa kanilang lahi, kulay, relihiyon, nasyonalidad, kasarian, edad o pagiging mayaman o mahirap sa lahat ng mga programa ng tulong sa kalamidad. Inaaplay ng seksyon 309 ng Stafford Act ang mga probisyon na

Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan: 1-800-621-3362 (FEMA) Para LAMANG sa may Kahirapan sa Pandinig/Pananalita: Tumawag sa 1-800-462-7585

ito sa kawalan ng diskriminasyon sa lahat ng mga pribadong kapisanang tulong na lumalahok sa pagsisikap na tumugon at makaahon.

Bukod pa rito, ang Titulo VI ng Gawa ng Karapatang Sibil (Civil Rights Act) ng 1964 ay nagprotekta rin sa mga indibidwal mula sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay at bansang pinanggalingan sa mga programa na tumatanggap ng Pederal na pinansyal na tulong. Ang sekyon 504 ng Gawa ng Pagbabagong Ayos ng 1973 (Rehabilitation Act) ay isang Pederal na batas na nagprotekta sa mga indibidwal na may mga kapansanan mula sa diskriminasyon sa lahat ng mga programa na tumatanggap ng mga pondo mula sa Pederal na gobyerno o pinapatakbo ng Pederal na gobyerno. Ipinagbabawal ng seksyon 508 ng batas na iyon ang diskriminasyon laban sa mga taong may mga kapansanan hinggil sa mga sistema ng teknolohiya na pinapatakbo ng Pederal na gobyerno.

Proseso ng Tulong sa Kalamidad

Gagamitin ng mga tao na nasa mga idineklara ng Pangulo na mga lugar ng kalamidad:

1. **Mag-aplay online sa pamamagitan ng pagbisita sa www.fema.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-621-3362 (FEMA) (para sa may kahirapan sa pandinig/pananalita LAMANG - tumawag sa 1-800-462-7585).** Bukod pa sa pagkakaroon ng panulat at papel, mangyaring ihanda ang mga sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong Numero ng Kasiguruhan Panlipunan (Social Security Number).
- Paglalarawan ng iyong pangulugi na sanhi ng kalamidad.
- Impormasyon tungkol sa bayad sa seguro.
- Direksyon kung paano magpunta sa iyong nasirang ari-arian.
- Telepono kung saan ka maaaring tawagan.

Kapag ikaw ay nag-aplay sa telepono, ang impormasyon na iyong ibibigay ay ipapasok sa computer at gumagawa ito ng isang aplikasyon. Kapag kompleto na ang iyong aplikasyon, ikaw ay bibigyan ng numerong kahilingan galing sa FEMA .

Kung mayroon kang mga katanungan PAGKATAPOS mong mag-aplay para sa tulong o kung may pagbabago sa impormasyon na iyong ibinigay, tawagan ang Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan sa 1-800-621-3362 (FEMA) (para sa may kahirapan sa pandinig/pananalita LAMANG - tumawag sa 1-800-462-7585). Kapag ikaw ay tumawag, ihanda ang iyong numero ng kahilingan sa FEMA.

Ang numero na ito ay ibibigay sa iyo kapag ikaw ay nag-aplay at nakasulat ito sa lahat ng mga sulat na ipapadala sa iyo mula sa IHP.

2. Kailan ako kokontakin ng isang inspektor? Kung ikaw ay walang bayad sa seguro o hindi sapat ang naaangkop na bayad sa seguro, may inspektor na tatawag para mag-iskedyul ng isang tipan para bisitahin ang iyong property. Sa ilang mga kaso, maaari kang kontakin sa araw mismo na ikaw ay nag-apply. Gayunman, sa karamihan ng mga kaso, ang inspektor ay tatawag sa loob ng ilang araw, pero karaniwan ay hindi lalampas ng sampung araw.

Aasesuhin ng inspektor ang may kinalaman sa kalamidad na sira sa iyong lupa/bahay at personal na ari-arian. Walang sisingiling bayad para sa inspeksyon. Ang mga inspektor ay mga kontraktor, hindi mga empleyado ng FEMA, pero ang iyong inspektor ay mayroong isang letrado para sa identipikasyon. Dapat ikaw, o isang taong 18 taong gulang na nakatira sa sambahayang iyon bago maganap ang kalamidad, ay naroroon para sa iyong iniskedyul na tipan.

Kinakailangang ipakita sa inspektor ang iyong ID at dapat ay mayroon kang maipapakitang ebidensiya sa inspektor na ikaw ang may-ari (para sa mga may-ari ng bahay) at ikaw ang nakatira doon.

Hihilingin ka ng inspektor na pirmahan ang isang pormularyo na nagbibigay ng awtoridad sa FEMA na tiyakin na ang impormasyon na iyong ibinigay ay tama. **Ang mga inspektor ang nagsusumite ng iyong report pero hindi sila ang nagpapasiya sa iyong pagiging karapat-dapat.**

3. Sa loob ng mga 10 araw mula sa bisita ng inspektor, makakatanggap ka ng isang sulat mula sa IHP na magsasabi sa iyo kung ano ang desisyon ukol sa iyong hiniling na tulong.

- **Kung ikaw ay karapat-dapat na makakuha ng tulong,** ang sulat at susundan ng isang cheke ng Pananalapi ng Estados Unidos/Estado (U.S. Treasury/State) o kaya ay magkakaroon ng isang paglipat ng kwarta sa iyong bangko. Ipapaliwanag ng sulat kung saan maaaring gamitin ang pera. Dapat mong gamitin ang pera na ibinigay sa iyo tulad ng ipinaliwanag sa sulat,
- **Kung ikaw ay hindi karapat-dapat na makakuha ng tulong,** ibibigay ng sulat ang dahilan para sa desisyon. Ipapaalam sa iyo sa sulat ang iyong mga karapatang mag-apela
- **Kung ikaw ay pinapupunta sa Pamamahala ng mga Maliliit na Negosyo (SBA) para sa tulong** mula sa SBA na Programa para sa Tulong gawa ng Kalamidad, makakatanggap ka ng isang SBA na aplikasyon.

Pagiging Karapat-dapat para sa Programa

Upang makatanggap ng pera o tulong para sa Housing Needs (Mga Kinakailangang Pabahay) dahil sa kalamidad, dapat totoo ang lahat ng mga sumusunod:

- Ikaw ay nag-file na para sa benepisiyo ng bayad sa seguro at ang sira sa iyong ari-arian ay hindi sakop ng iyong bayad sa seguro. Maaaring kwalipikado kang makakuha ng tulong mula sa IHP upang ayusin ang sira sa iyong ari-arian.
- Ikaw o sinumang kasama mo sa bahay ay isang mamamayan ng Estados Unidos, isang hindi mamamayan pero nakatira sa Estados Unidos, o isang kwalipikadong dayuhan.
- Ang iyong bahay ay nasa lugar na idineklara ng Pangulo na isang lugar ng kalamidad.
- Ang bahay sa lugar ng kalamidad ay kung saan ka karaniwang nakatira sa karamihang bahagi ng taon.
- Hindi ka makatira sa iyong bahay ngayon, hindi ka makapunta sa iyong bahay dahil sa kalamidad, o kinakailangang ayusin ang iyong bahay dahil sa mga sira dulot ng kalamidad.

Upang makatanggap ng pera para sa Mga Kinakailangan Maliban sa Pabahay (Needs Other than Housing) na dulot ng kalamidad, dapat totoo ang lahat ng mga sumusunod:

- Mayroon kang pangulugi (mga nawala) na nasa lugar na idineklara ng Pangulo bilang isang disaster area (lugar ng kalamidad).
- Ikaw ay nag-file na para sa benepisiyo ng bayad sa seguro at ang sira sa iyong personal na ari-arian ay hindi sakop ng iyong bayad sa seguro. Maaaring kwalipikado kang makakuha ng tulong mula sa IHP upang ayusin ang sira sa iyong ari-arian.
- Ikaw o sinumang kasama mo sa bahay ay isang mamamayan ng Estados Unidos, isang hindi mamamayan pero nakatira sa Estados Unidos, o isang kwalipikadong dayuhan.
- Mayroon kang hindi maiwasang gastos o mga malubhang pangangailangan dahil sa kalamidad.

- Tumanggap ka na ng tulong mula sa lahat ng ibang mapagkukunan ng tulong para kung saan ikaw ay karapat-dapat, tulad ng pera mula sa bayad sa seguro o mga pautang mula sa SBA.

Maaaring hindi ka karapat-dapat tumanggap ng pera o tulong mula sa IHP kung:

- Mayroon kang ibang magagamit na pabahay na hindi babayaran ng renta na maaari mong gamitin (halimbawa, rental property na hindi okupado).
- Ang bahay mong nasira ay iyong pangalawa o pambakasyon na bahay.
- Ang iyong mga gastos ay dulot lamang ng pag-alis mo sa iyong bahay bilang pag-iingat, at nakabalik ka kaagad sa iyong bahay matapos ang insidente.
- Tinanggihan mo ang tulong mula sa iyong (mga) tagapagbigay ng bayad sa seguro.
- Ang iyong pangulugi ay may kinalaman sa pagnenegosiyo (kabilang ang negosiyong sakahan maliban sa farmhouse at sariling pag-employo) o mga bagay na hindi sakop ng programang ito.
- Ang nasirang bahay kung saan ka nakatira ay nasa isang lugar na tinuring na flood hazard area (lugar na may panganib sa pagbabaha) at ang iyong komunidad ay hindi kalahok sa Programang Pambansa Para sa Seguro dahil sa Baha (National Flood Insurance Program – NFIP). Sa ganitong kaso, ang sira sa iyong bahay na dulot ng baha ay hindi sakop, pero maaari kang maging kwalipikado para sa tulong sa pag-renta o para sa mga bagay na hindi sakop ng bayad sa seguro, tulad ng mga balon para sa tubig, mga imburnal, mga gastos para sa medikal, dental at pagpapalibing.

Mga Uri ng Kwalipikadong Pangulugi

Sakop lamang ng IHP ang mga pagpapaayos at pagpapalit ng mga bagay na nasira bilang tuwirang resulta ng kalamidad na hindi sakop ng bayad sa seguro. Ang mga pagpapaayos o pagpapagawa muli ay hindi dapat magpahusay ng iyong bahay nang labis sa kondisyon nito bago maganap ang kalamidad, maliban kung ang pagpapahusay na iyon ay kinakailangan ng mga kasalukuyang kodigo ng gusali.

Mga Pangangailangan sa Pabahay: Ang pera para sa pagpapaayos ng iyong bahay ay hanggang sa gawin lamang ligtas at malinis ang iyong bahay upang makatira ka roon. Hindi magbabayad ang IHP para ibalik ang iyong bahay sa dating kondisyon nito bago naganap ang kalamidad. Maaari mong gamitin ang pera na inilaan para sa pangangailangan sa pabahay upang ayusin ang:

- Mga istrukturang bahagi ng iyong bahay (pundasyon, mga panlabas na dingding, at ang bubong).
- Mga bintana, pintuan, sahig, dingding, kisame, at mga aparador.
- Septic system o imburnal.
- Balon o ibang sistemang pantubig.
- Pag-init, pahanginang, at airkon system.
- Sistemang di-koryente, tuberyas, at gaas.
- Mga pasukan tungo at palabas ng iyong bahay, kabilang ang kalsadang pagpapasok na pribadong pag-aari.
- Pagbara, tagapagpatag, at pagangkora ng isang pansamantalang bahay at pagkabit muli o pag-reset ng imburnal, tubig, koryente at pampasiklab, at mga tangke nito.

Iba Pang Mga Pangangailangan na Hindi para sa Pabahay: Ang pera para sa pagpapaayos ng nasirang personal na ari-arian o upang bayaran ang mga hindi maiwasang gastos at mga talagang kinakailangan na may kinalaman sa kalamidad ay limitado sa mga bagay o mga serbisyo na makakatulong maiwasan o manaig ang isang kahirapan, kapinsalaan o hindi mahusay na kalagayan na may kinalaman sa kalamidad. Hindi magbabayad ang IHP para ibalik o palitan ang iyong bahay sa dating kondisyon nito bago naganap ang kalamidad. Maaari mong gamitin ang pera na inilaan para sa pangangailangan na hindi para sa pabahay upang ayusin o bayaran ang:

- Mga medikal o dental na gastos na may kinalaman sa kalamidad
- Mga gastos para sa pagburol at paglibing na may kinalaman sa kalamidad.
- Mga damit, kagamitang pambahay (mga kasangkapan para sa mga kuwarto, appliances); kasangkapan(mga espesyal o pamprotektang kasuotan at kagamitan) na kinakailangan sa iyong trabaho; mga kinakailangang materyales para sa edukasyon (mga computer, mga librong pampaaralan, at mga kailangang gamit).
- Mga panggatong para sa pangunahing pinagkukunan ng pag-init (langis o gaas para sa pag-init).
- Mga bagay na panlinis na partikular na ginagamit sa kalamidad (basa/tuyong bakyum, tagapagpadalisay ng hangin, at tagapagalis ng tubig sa hangin).

- Isang sasakyan na nasira sa kalamidad.
- Mga gastos para sa paglipat at pag-imbak na may kinalaman sa kalamidad (paglipat at pag-imbak ng kagamitan upang maiwasan ang karagdagang pagsira sa mga ito habang pinapaayos ang bahay dahil sa kalamidad).
- Ibang mga hindi maiwasang gastos o mga malubhang pangangailangan tulad ng itinalaga ng FEMA.

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Tulong sa Kalamidad

Ang perang natanggap mula sa IHP para sa Pabahay at Mga Ibang Pangangailangan Maliban sa Pabahay ay dapat gamitin lamang para sa mga karapat-dapat na gastos, tulad ng kinikilala ng FEMA:

- **Kung hindi mo gagamitin ang pera tulad ng ipinaliwanag ng FEMA, maaaring ikaw ay maging hindi karapat-dapat na tumanggap ng karagdagang tulong at maaari mong kailanganing isauli ang pera.**
- Ay karaniwang limitado hanggang sa 18 buwan mula sa petsa na idineklara ng Pangulo ang kalamidad.
- Hindi kinakailangang bayaran muli.
- Ay libreng buwis.
- Hindi tinuturing na sweldo o kita sa pagpasiya ng pagiging karapat-dapat para sa swa, tulong na kita o mga benepisyo sa programa na pinopondohan ng Pederal na gobyerno.
- Ay hindi kasali sa pagaadorno, pagsamsam, sagabal, pagpapataw ng buwis, pagsasagawa, pangako, pagkakabit, paglaya , o pagpaubaya.
- Hindi maaaring i-reassign o ilipat sa ibang tao.
- ***Dapat mong itago ang mga resibo o kuwenta nang 3 taon upang ipakita kung paano ginamit ang lahat ng pera sa pagbayad ng iyong pangangailangan na may kinalaman sa kalamidad.***

Bago ka magsimula ng anumang pagpapaayos, tanungin muna sa iyong local na gusaling departamento kung anong mga local na permiso o mga inspeksyon ang kinakailangan.

Kung Ikaw ay Karapat-dapat Makatanggap ng Tulong

Kung natupad ng iyong aplikasyon para sa tulong, sa ilalim ng IHP, ang mga kinakailangang kondisyon at ito ay inaprubahan, ang pera o tulong na iyong matatanggap ay dapat gamitin tulad ng nakalarawan sa ibabâ. Ang perang natanggap mula sa programang ito ay **hindi** maaaring gamiting pambayad upang makitira sa mga kapamilya o mga kaibigan. Makikita sa ibabâ ang isang paliwanag ng mga kategorya.

Dentista: Perang pambayad ng gastos sa pagpapaayos ng ngipin na dulot ng kapinsalaan sa ngipin na naganap sa kalamidad.

Puneraria: Perang pambayad ng gastos para sa mga serbisyo ng punerarya, paglibing o kremasyon, at iba pang mga gastos sa punerarya na may kinalaman sa kamatayan na dulot ng kalamidad.

Pagpupundar ng bahay: Pera na makukuha ng mga may-ari ng bahay, upang mabayaran ang gastos para sa labor at mga materyales para sa pagpapaayos ng iyong bahay, upang gawin itong ligtas, malinis at/o nasa magagamit na kondisyon.

Tulong para sa Pagpapabahay: Tulong sa mga gastos para sa mga pangangailangang pambahay na may kinalaman sa kalamidad.

Medikal: Perang pambayad ng mga gastos para sa medikal na pagpapagamot o upang bilhin ang mga medikal na kasangkapan na kinakailangan dahil sa mga pangkatawang kapinsalaang dulot ng kalamidad.

Paglipat at Pag-iimbak: Perang pambayad ng mga gastos sa paglipat at pag-iimbak ng personal na pag-aari, mula sa tirahan na nasira ng kalamidad upang iwasan ang karagdagang pagkasira nito na may kinalaman sa kalamidad.

Mga Iba Pa: Perang pambayad ng mga gastos para sa mga ibang ispesipikong pangangailangang may kinalaman sa kalamidad, na aprobado para sa kalamidad.

Permanente /Pansamantalang Tirahan:Dahil sa kakulangan ng mauupahan, dahil hindi magagawa ang pagpapaayos ng bahay at pagtulong sa kapalit na tirahan sa kakulangan ng makukuhang gusaling kontraktor sa iyong lugar, ipapagawa muli ng FEMA ang iyong bahay.

Gamit na Personal : Perang pambayad ng gastos sa pagpapaayos at/o pagpapalit ng mga bagay na nasira ng kalamidad, tulad ng mga kasangkapan sa bahay, tulugan at mga kasangkapan at mga kasuotan.

Tulong sa pangungupahan:Perang pambayad ng gastos sa pag-upa ng ibang lugar na tirahan. Para sa mga may-ari ng bahay, ang perang ito ay maaaring ibigay bukod pa sa pagkumpuni ng bahay kung kinakailangan.

Kapalit na tirahan: Perang makakatulong sa gastos sa pagpapalit ng iyong bahay, hanggang sa mga limit na pinahihintulutan ng batas, dahil ito ay hindi ligtas, malinis at/o nasa magagamit na kondisyon.

Akomodasyon para sa transiyento: Perang pambayad sa gastos para sa pansamantalang tirahan (hotel o motel) na may kinalaman sa kalamidad.

Transportasyon: Perang pambayad sa gastos ng pagpapaayos at/o kapalit ng iyong sasakyan na hindi na magagamit dahil sa pagkasira na may kinalaman sa kalamidad.

Impormasyon Ukol sa Bayad sa Seguro at Tulong sa Kalamidad

Kung hindi mo pa nakokontak ang iyong ahente sa seguro upang mag-file ng isang claim, mangyaring gawin ito sa lalong madaling panahon. Ang hindi pag-file sa iyong komyanya ng seguro ay maaaring makaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat na makakuha ng tulong mula sa IHP. Pagkatapos mong mag-file ng iyong kahilingan, kung maganap ang anuman sa mga sumusunod na pangyayari, mangyaring tawagan ang Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan sa 1-800-621-3362 (FEMA) para sa karagdagang impormasyon.

- **Ang iyong bayad mula sa bayad sa seguro ay natatagalan.** Kung ang desisyon sa iyong kabayaran sa seguro ay natagalan nang **higit sa 30 araw mula sa panahon na nag-file ka ng kahilingan**, kailangan mong sulatan ang FEMA na nagpapaliwanag ng iyong sitwasyon. Dapat mong ilakip dito ang dokumentasyon mula sa kompanya ng bayad sa seguro na nagpapatunay na nag-file ka ng claim. Kung ikaw ay nag-file sa pamamagitan ng telepono, dapat mong isama ang numero ng kahilingan, ang petsa kung kailan ka nag-apply, ang

Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan: 1-800-621-3362 (FEMA) Para LAMANG sa may Kahirapan sa Pandinig/Pananalita: Tumawag sa 1-800-462-7585

tinantiyang panahon kung gaano katagal bago mo matanggap ang iyong kasunduan. Ang anumang tulong na ibibigay sa iyo ng FEMA ay kinukonsiderang isang advance (pauna) at dapat bayaran sa FEMA oras na natanggap ang iyong kabayaran ng bayad sa seguro.

- **Ang iyong kabayaran sa bayad sa seguro ay hindi sapat para matugunan ang iyong mga pangangailangang may kalamidad.** Kung natanggap mo na ang maximum (pinakamataas) na kabayaran mula sa iyong bayad sa seguro, at mayroon ka pa ring pangangailangang may kalamidad na hindi pa natutugunan, kinakailangan mong sulatan ang FEMA upang ipahayag ang hindi natugunang pangangailangan na may kalamidad sa kalamidad. Kailangan mo ring magpadala ng dokumentasyon mula sa iyong kompanya ng bayad sa seguro para irepaso.
- **Naubos mo na ang Karagdagang Panggastos para sa Pangkabuhayan (Additional Living Expenses - ALE) na ibinigay ng iyong kompanya ng bayad sa seguro.** Kung natanggap mo na ang pinakamataas na kabayaran mula sa iyong seguro para sa Karagdagang pangastos sa pangkabuhayan (Additional Living Expenses – Loss Of Use) at nangangailangan ka pa ng tulong sa iyong pansamantalang tirahan na may kalamidad sa kalamidad, sulatan ang FEMA na nagpapaliwanag kung bakit mayroon ka pang pangangailangan para sa pansamantalang tirahan. Kailangan ka rin magbigay ng dokumentasyon na nagpapatunay na naubos na ang pamamahay na bahagi ng iyong ALE mula sa bayad sa seguro, at isang plano para sa isang permanenteng tirahan.
- **Hindi ka makahanap ng mauupahan sa iyong lugar.** Ang Numero na makakatulong galing s FEMA kapag may kapahamakan ay mayroong listahan ng rental resources (maaaring upahan) sa iyong lugar ng kalamidad . Kung walang makuhang resources sa iyong lalawigan, ang ahente ng Tulong Linya ay maaaring magbigay sa iyo ng maaring upahan sa katabing lalawigan.

Mayroon kang hanggang labing-dalawang (12) buwan mula sa petsa na nagrehistro ka sa FEMA para isumite ang iyong impormasyon ukol sa bayad sa seguro para ito ay marebyu. Ayon sa batas, hindi maaaring magbigay ng pera ang IHP sa mga indibidwal o sambahayan para sa kawalan na sakop ng bayad sa seguro.

Nais Kong Iparebyu Muli ang Aking Kaso (Apela)

Maaari mong apelahin ang anumang desisyon. Ang mga apela ay maaaring may kinalaman sa iyong paggiging karapat-dapat, sa halaga o uri ng tulong na ibinigay sa iyo, sa mga nâhuling aplikasyon, mga hiling ng pagsauli ng pera, o mga katanungan ukol sa patuloy na tulong. Kapag inapela mo ang isang desisyon, hinihiling mo sa IHP na rebyuhin muli ang iyong kaso. Bago mo apelahin ang isang desisyon, mangyaring tingnan ang tiyak na impormasyon sa patnubay na ito tungkol sa pagiging kwalipikado para sa tulong, o tingnan ang sulat na ipinadala sa iyo tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat na tumanggap ng tulong. Masasagot ng patnubay na ito ang karamihan ng iyong mga tanong tungkol sa mga gastos na sakop ng programang ito.

Kung pagkatapos mong rebyuhin ang patnubay na ito ay hindi ka pa rin sang-ayon sa desisyon ukol sa iyong aplikasyon o natanggap na tulong, **sundin ang mga gagawin sa ibabâ upang apelahin ang desisyon:**

Mga Hakbang sa Pag-file ng isang Apela:

1. Ipaliwanag sa kasulatan kung bakit sa palagay mo ay hindi wasto ang desisyon tungkol sa halaga o uri ng tulong na natanggap mo.
 - **Kapag isinumite ang iyong sulat,** mangyaring ilagay ang iyong buong pangalan, petsa at lugar ng kapanganakan, at tirahan. Bukod pa rito, ang sulat mo ay dapat notarisado, may kasamang isang kopya ng ID tarheta na inisyu ng estado, o kaya’y dapat may kasamang sumusunod na pahayag, “Sa pamamagitan nito ay ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang naunang pahayag ay totoo at wasto.” Dapat mong pirmahan ang sulat.
 - **Kung ibang tao maliban sa iyo o ang co-applicant ang nagsusulat,** dapat ay mayroon itong kasamang pahayag na nagsasabing ang taong ito ay maaaring kumilos para sa iyo.
2. Ilakip ang numero ng aplikasyon ng FEMA at ang numero ng kalamidad (nakasulat sa itaas and numero ng liham ng desisyon) sa iyong sulat nang pag-apela.

3. Ipadala ang iyong sulat ng apela sa:

FEMA
National Processing Service Center
P.O. Box 10055
Hyattsville, MD 20782-7055

4. Maaari mong i-fax ang iyong sulat ng apela sa:

(800) 827-8112
Attention: FEMA

MAHALAGA: Upang maisaalang-alang ng IHP, ang iyong sulat ay dapat may postmark sa loob ng 60 araw ng petsa ng sulat ng desisyon ng indibidwal o sambahayan. Huwag kalimutang lagyan ng petsa ang iyong mga sulat.

Paghiling ng iyong file:

Kung kailangan mo ng impormasyon tungkol sa iyong kaso, ikaw o ang co-aplicante sa iyong aplikasyon ay maaaring humiling ng kopya ng impormasyon mula sa iyong file sa pamamagitan ng pagsulat sa:

FEMA – Records Management
National Processing Service Center
P.O. Box 10055
Hyattsville, MD 20782-7055

Upang matulungang protektahan ang pagkapribado ng iyong personal na impormasyon, tuwing ikaw ay sumusulat ng apela o kahilingan sa FEMA, dapat ilagay mo ang iyong buong pangalan, petsa at lugar ng kapanganakan, direksiyon ng bahay na nasira, FEMA numerong kahilingan galing , at numero ng kalamidad. Bukod pa rito, ang sulat mo ay dapat notarizado, may kasamang isang kopya ng ID tarheta na inisyu ng estado, o kaya’y may kasamang sumusunod na pahayag, “Sa pamamagitan nito ay ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang nakapahayag sa itaas ay totoo at wasto.” Dapat mong pirmahan ang sulat.


Kung mayroong ibang tao maliban sa iyo o sa co-applicant ang nagsusumite sa iyong apela o humihiling ng kopya ng iyong file, ang kahilingan ay dapat ding may pahayag mula sa iyo na nagsasabing binibigyan mo ang taong iyon ng iyong pahintulot na hilingin ang impormasyong ito.

Paggawa Muli at Pagpaayos — Mitigation Measures

Ang *mitigation measures* ay mga pagpapabuti sa gusali na nagbabawas ng panganib na masira ito sa mga darating na pangyayari. Pagkatapos ng isang malaking kalamidad, marami kang mga gagawing desisyon habang iyong pinapatayo muli o pinapaayos ang mga ariarian na nasira. Ang ilan sa mga desisyon na ito ay maaaring makatulong na protektahan mula sa pagkasira ang iyong ariarian kung magkaroon muli ng isa pang kalamidad. Halimbawa, kung ang appliances o pangunahing kagamatitan ay nakataas mula sa lupa, mababawasan ang posibilidad na masira ito sa bahâ.

Ang isang FEMA Mitigation Advisor sa Lunsurang Pagkakasauli dahil sa Kapahamakan sa iyong lugar ay makapagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagbawas ng mga nawala o napinsala sa hinaharap sa pamamagitan ng mitigation. Nakalista sa ibabâ ang ilang halimbawa ng mitigation measures:

- Itaas o ilipat ang entrepanyo ng koryente.
- Itaas o ilipat ang makinang panlaba o patuyuan.
- Siguraduhin ang pang-ankora ng tangke para sa pagiimbak ng panggatong.
- Ipatag at siguraduhin ang pang-ankora ng ang isang pangsamantalang bahay.
- Itaas, ilipat o lagyan ng tali ang pampainit ng tubig .
- Ilipat ang pampainit



Pagtaas ng hot water heater, furnace, washer at dryer.

Para sa impormasyon ukol sa mga proyekto ng mitigation tulad ng ipinapakita sa pahinang ito, tawagan o bumisita sa iyong lokal na emergency management planning official, State Hazard Mitigation Officer, o mga tauhan ng FEMA sa isang Lunsurang Pagkakasauli dahil sa Kapahamakan. Mayroon ding impormasyon tungkol sa mitigation na makukuha sa: www.fema.gov.

Upang mag-order ng mga publikasyon tungkol sa mga proyekto ng mitigation, tawagan ang FEMA Publikasyon sa 1-800-480-2520.

Impormasyon Ukol sa Impormasyon sa “Programang Karagdagang Tulong sa Kalamidad”

Ang seksyon na ito ay naglalaman ng isang pangkalahatang listahan ng mga uri ng tulong sa kalamidad na makukuha sa isang idineklara ng Pangulo na malubhang kalamidad. Habang may isang malubhang kalamidad, kung sa palagay mo’y mayroon kang mga pangangailangan na may kinalaman sa kalamidad na matutugunan ng isang ahensiya o serbisyo na nakalista sa seksiyong ito, dapat mong kontakin ang Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan sa 1-800-621-3362 (FEMA) (para LAMANG sa may kahirapan sa pandinig/pananalita—tumawag sa 1-800-462-7585) para sa mga sumusunod na impormasyon.

Serbisyo para sa may Edad: Mayroong mga serbisyo na makukuha upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga matatanda na tuwirang naapektohan ng isang idineklarang kalamidad (ibig sabihin, transportasyon, pagkain, pangangalaga sa bahay, atbp.).

Agrikulturang Tulong: Ang Departamentong Pangagrikultura ng Estados Unidos para sa Pag-Unlad ng Panlalawigan (USDA Rural Development) ay maaaring magbigay ng utang pang-emerhensiya sa mga magsasaka at mga may bakahan (mga may-ari o mga tenant) na nagpapalakad at namamahala ng isang bukid at sakahan(bakahan) sa panahon ng kalamidad. Ang mga pautang na ito ay limitado sa halagang kinakailangan upang bayaran ang mismong pagkawala o pagkatalo sa pangunahing ariarian at/o kapasidad ng produksyon. Ang mga magsasaka at mambabaka ay maaari ring mag-apply para sa cost sharing grants para sa programang pangemerhensiya ukol sa pagtitipid (emergency conservation programs) tulad ng pag-alis ng basura mula sa lupang tinatamnan/pastulan, mga pagpapaayos sa mga istruktura para sa pagtitipid ng tubig at lupa, at permanenteng bakod. Makakakuha ng karagdagang impormasyon sa

Departamentong Pangagrikultura ng Estados Unidos para sa Serbisyong Ahensiya ng Sakahan (USDA Farm Service Agency - FSA).

Tulong mula sa mga Banko at Pinansyal na Institusyon: Ang mga bangko na miyembro ng Korporasyong Pederal ng Paunang Bayad sa Seguro (Federal Deposit Insurance Corporation - FDIC), Pamamaraang Pederal para sa Panreserba (Federal Reserve System - FRS), o ng Pamahalaan ng Banko para sa mga Pederal na Utang sa Pamamahay (Federal Home Loan Bank Board - FHLBB) ay maaaring magpahintulot ng maagang pag-withdraw ng mga time deposit nang walang multa. Kontakin ang iyong pinansiyal na institusyon para malaman kung nakakuha sila ng waiver mula sa kanilang regulatory agency.

Programang para sa Negostyong Pagpapautang:: Ang mga mangangalakal ay makakautang ng utang dahil sa kalamidad sa pamamagitan ng Administrasyon para sa Maliliit na Negosyo (SBA) upang ayusin o palitan ang mga nawasak o nasirang mga pasilidad, imbentaryo, makinarya o mga kagamitan sa negosyo. Ang pinakamataas na halagang maaaring utangan ay \$ 1,500,000. Kung ikaw ay ini-refer sa programang ito, makakatanggap ka ng isang pakete ng aplikasyon sa koreo. Para sa karagdagang impormasyon o tulong sa pagkumpleto ng pormularyong ito, tingnan ang iyong SBA paketeng aplikasyon SBA website sa www.sba.gov.

Serbisiyo para sa mga Mamimili: Makakakuha ng payo ukol sa mga problema ng mga mamimili tulad ng kawalan ng mga produkto at serbisiyo na kinakailangan para sa pagpapatayong muli, sobrang pagtaas ng mga presyo, hindi marangal na mga isyu at gawain sa negosyo, atbp.

Aralan ng Krisis: May mga referral na serbisiyo at pang-maikliang intervention (pamamagitan) at mga payo na makukuha para sa mga problema sa pangkaisipang kalusugan na dulot o pinalala ng kalamidad.

Tulong sa may walang trabaho dahil sa kapahamakan: Ang tulong na ito ay nagbibigay ng linggu-linggong pagbabayad ng benepisyo sa mga nawalan ng trabaho dahil sa kalamidad, kabilang ang mga taong self-employed (sariling pangtrabaho), mga may-ari ng bukid at bakahan, at iba pang hindi sakop sa ilalim ng regular unemployment bayad sa seguro programs.

Tulong sa Emerhensiya: Maaaring magbigay ng pagkain, kasuotan, tirahan, at medikal na tulong para sa emerhensiya na maaaring ibigay sa mga indibidwal at mga pamilya na nangangailangan ng mga ganito dahil sa kalamidad. Ang American Red Cross (ARC), ang Salvation Army, ang mga grupo sa simbahan, at iba pang mga boluntaryo na organisasyon ay makapagbibigay ng tulong.

Mga Payo Tungkol Sa Mga Pinansyal: Nagbibigay ng patnubay at tulong na pangpinansiyal at pang-ekonomiya sa mga indibidwal at maliliit na negosyo na naapektohan ng mga kalamidad. Ang **Pagsasamang Lunas Ng America (Hope Coalition America)** ay nag-aalok ng libreng pinansiyal na payo at nagbibigay ng mga makakatulong ng dokumento tulad ng “Pangunahing Lunas para sa Emerhensiyang Nauukol sa Pananalapi (Emergency Financial First Aid Kit)” at “Patnubay para sa Pagkahanda ng Kapahamakang Personal (Personal Disaster Preparedness Guide).” Ang mga dokumentong ito ay makukuha at maaaring i-download nang libre mula sa kanilang website sa www.operationhope.org. Para sa karagdagang impormasyon, maaari mong tawagan ang 1-888-388-HOPE (4673).

Pagbabawas ng Peligro: Maaari kang makatanggap ng pondo para maiwasan ang pagsira sa ibang panahon ng iyong mga pangunahing kagamitan (ibig sabihin, furnace, water heater, at elektrikal na serbisyo) sa pamamagitan ng pagtaas o paglipat ng pangunahing kagamitan na ito sa iyong bahay.

Programang Pautang-Tahanan at Personal na Pagaari : Makakakuha ng utang dahil sa kalamidad ang mga may-ari ng bahay at mga taga-upa sa pamamagitan ng Pamamahala ng mga Maliliit na Negosyo (SBA) para sa pagpapaayos o pagpalit ng mga nasirang kagamitan at ariarian na dulot ng pinsala. Ang pinakamataas na bahagi ng pautang para sa real estate ay \$200,000 at \$40,000 para sa personal na ari-arian. Ang halaga ng pautang ay hanggang sa halaga lamang ng hindi nakasiguro na SBA beripikadong kawalan. Kung ikaw ay ini-refer sa programang ito, makakahanap ka ng karagdagang impormasyon sa "Buod ng aplikasyon" sa likod ng Pormula para Mag-apply para sa Tulong sa Kalamidad.

Kaalaman Sa Seguro: Mayroong tulong at/o payô na makukuha ukol sa mga problema at katanungang may kinalaman sa seguro; maaaring kasama dito ang pagkuha ng mga kopya ng mga nawalang polisiya, pag-file ng mga habol, pagpapabilis ng mga kabayaran, atbp. Kung hindi mo nalutas ang iyong problema sa iyong Kompanya ng seguro, maaari mong kontakin ang iyong State Bayad sa seguro Commissioner. Para sa mga katanungan tungkol sa seguro para sa baha, kontakin ang Programang Pambansa Para sa Seguro dahil sa Baha (National Flood Insurance Program – NFIP).

Mga Legal na Serbisyo: Maaaring bigyan ng libre o mas murang legal na serbisyo, kabilang ang mga legal na payo, pagpayuhan at pangangatawan, ang mga pamilyang mababâ ang kinikita na naging biktima ng kalamidad.

Kasiguruang Panlipunan: May tulong na makukuha sa Administrasyon ng Kasiguruang Panlipunan (Social Security Administration - SSA) para sa pagpapabilis ng paghatid ng mga tseke na natagalan dahil sa kalamidad, at para sa tulong sa pag-apply para sa benipisyo ng mga nakaligtas at nabalda o napinsala.

Tulong Sa buwis mula sa Pederal na Gobierno: Pinapahintulutan ng mga batas sa Pederal na buwis na magbigay ng tulong ang Serbisyo ng Rentas Internas (Internal Revenue Services - IRS) sa mga nagbabayad ng buwis na na biktima ng isang idineklara ng Pangulo na isang kalamidad. Kabilang sa tulong na ito ang pagpaliban ng mga tax deadline upang mabigyan ka ng karagdagang panahon para mag-file at magbayad bago ka maaseso para sa anumang multa, karagdagang halaga, o karagdagan sa buwis, o bawasan ang interes mo para sa mga panahon na tumanggap ka ng ekstensyon ng panahon sa pag-file ng income tax returns at pagbayad ng buwis, dahil ikaw ay nasa isang lugar na ayon sa Pangulo ay isang lugar na kalamidad.

Kadalasan, ang kwalipikadong mga perang nakuha bilang tulong sa kalamidad ay hindi kinakailangang i-report sa gross income. Kabilang sa kwalipikadong bayad panaklolo dahil sa kalamidad ang mga bayad na natanggap mula sa anumang pinanggalingan para mabayaran ang mga makatwiran at kinakailangang personal, pampamilya, pamumuhay, o panlibing na gastos na dulot ng isang idineklara ng Pangulo na isang kalamidad. Maaari ding pahintulutan ng IRS ang pagkalugi ng dahil sa pagkadisgrasya na dinanas sa bahay, personal na ari-arian, at mga pambahay na gamit na ibabawas sa pagbalik ng buwis sa kinikita ng kung ang mga ito ay hindi sakop ng seguro. Maaari rin mag-file ang mga nagbabayad ng buwis ng isang nirevisang pagbalik ng buwis upang makatanggap ng maagang tax refund. May mga karagdagang impormasyon, mga pormularyo at mga publikasyon na makikita sa IRS web sa <http://www.irs.gov/newsroom/article/0,,id=108362,00.html>.

Mga Ibang Tulong sa Buwis: Maaaring magbigay ng impormasyon at tulong ang tagatasa ng kondehang buwis para sa posibilidad na kaluwagan sa buwis sa ari-arian.

Mga Benepisyo ng mga Beterano: Ang Pamamahala ng mga Beterano (Veterans Administration - VA) ay maaaring magpadali ng paghatid ng impormasyon tungkol sa mga benepisyo, pensiyon, kabayaran ng seguro, at VA utang para sa sangla.

Mga Madalas na Katanungan at mga Sagot

1. Pagkalooban ukol sa Kalamidad: Ahensiyang Namamahala ng Emerhensiyang Pederal (Federal Emergency Management Agency - FEMA)

Ano ang FEMA? Ang FEMA ay ang Ahensiyang Namamahala ng Emerhensiyang Pederal (Federal Emergency Management Agency), na siyang may pananagutan sa pagbibigay at sa koordinasyon ng mga serbisyong pang-emerhensiya sa mga lugar na idineklara ng Pangulo na mga lugar ng kalamidad. Nagtrabaho ang FEMA bilang kasama ng mga ibang bahagi ng Pederal na gobyerno at ng Estado at mga lokal na gobyerno at mga boluntaryong organisasyon.

Anong mga uri ng tulong sa kapinsalaan na programa ang makukuha sa isang kalamidad? Mayroong dalawang pangunahing Pederal na programa na nag-aalok ng tulong sa kalamidad:

- Ang **Programa para sa Indibidwal at Pang Sambahayan** ng FEMA ay nagbibigay ng pera at mga tuwirang serbisyo sa mga naapektohan ng isang malaking sakuna. Dapat matupad ang mga kinakailangan upang maging kwalipikado para sa tulong mula sa programang ito.
- Ang **U.S. Pamamahala ng mga Maliliit na Negosiyo** ay nagbibigay ng mga pautang na mababa ang interes para sa mga nasirang ari-arian na ari ng mga may-ari ng bahay, mga umuupa, mga negosyo at mga pribadong walang tubo na organisasyon na hindi lubusang sakop ng seguro.

Kinakailangan bang bayaran ang tulong sa kalamidad? Ang pera na natanggap sa pamamagitan ng Programa para sa mga Indibidwal at mga Sambahayan (IHP) ng FEMA ay hindi kinakailangang bayaran. Ang mga pautang mula sa Pamamahala ng mga Maliliit na Negosiyo ay kinakailangang bayaran.

Maaari ba akong mag-apply para sa tulong para sa kotse kong nasira? Oo. Kailangan mong magbigay ng katunayan ng pagmamay-ari at impormasyon ukol sa seguro.

Maaari ba akong mag-apply para sa tulong para sa pagkain na nawala dahil sa kalamidad? Hindi. Ang kawalan ng pagkain ay hindi sakop ng IHP. Maaari kang matulungan ng mga boluntaryong organisasyon na nasa lugar ng kalamidad para sa iyong pangangailangan sa pagkain.

Mayroon bang anumang programa na magbabayad ng gastos para sa paglipat at pag-imbak? Ang mga gastos sa paglipat at pag-imbak ay maaaring sakop ng IHP, kung ang mga gastos na ito ay tuwirang may kinalaman sa kalamidad. Isumite ang mga resibo sa IHP upang malaman kung ang mga ito ay sakop.

Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-apply para sa tulong sa FEMA? Sa loob ng mga sampung araw ng iyong aplikasyon sa FEMA, kung ikaw ay hindi nakaseguro o wala kang angkop na bayad sa seguro coverage, kokontakin ka ng isang kwalipikadong inspektor upang magtakdâ ng oras para makita ang pagkasira sa iyong ari-arian na dulot ng kalamidad. Isusulat ang iyong kawalan at ito ay isusumite sa IHP. Sa loob ng mga karagdagang sampung araw, makatanggap ka ng isang pagpapasiya mula sa IHP na magsasabi kung ikaw ay kwalipikado para sa tulong mula sa IHP. Kung ikaw ay ini-refer para sa isang utang ng dahil sa kalamidad mula sa U.S. Pamamahala ng mga Maliliit na Negosyo (SBA), kokontakin ka rin ng SBA at mag-iiskedyul ito ng isang tipan para marebyu ang iyong kawalan na may kinalaman sa kalamidad.

Gaano katagal bago makuha ang tulong sa kalamidad mula sa FEMA/Estado? Kung ikaw ay karapat-dapat makakuha ng tulong, dapat kang makatanggap ng isang Pananalapi ng Estados Unidos/Estado (U.S. Treasury/State) na tseke o notipikasyon ng deposito sa iyong pera sa bangko sa loob ng mga sampung araw mula nang bumisita ang inspektor. May mga ibang uri ng tulong na maaaring ibigay sa ibang panahon, batay sa partikular kung karapat dapat sa pangangailangan.

Kung mayroon akong mga katanungan tungkol sa aking aplikasyon o kung kailangan kong palitan ang ilang impormasyon na ibinigay ko, ano ang dapat kong gawin? Tawagan ang Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan sa 1-800-621-3362 (FEMA) (para lamang sa mga may kahirapan sa pandinig/pananalita: 1-800-462-7585), bisitahin ang aming website sa www.fema.gov.

Kung lumampas na ng 12 araw mula noong bumisita ang inspektor ng FEMA at wala pa ring balita mula sa FEMA, ano ang dapat kong gawin? Tawagan ang Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan sa 1-800-621-3362 (FEMA) (para lamang sa mga may kahirapan sa pandinig/pananalita: 1-800-462-7585) o bisitahin ang aming website sa www.fema.gov para malaman ang status ng iyong aplikasyon. Kung mayroong isang Lunsurang Pagkakasauli dahil sa Kapahamakan (Disaster Recovery Center - DRC) sa iyong lugar, maaari ka ring magtanong doon tungkol sa iyong aplikasyon.

Kung hindi ako sumasang-ayon sa mga resulta ng inspeksyon o sa halaga ng perang natanggap ko mula sa FEMA, ano ang dapat kong gawin? Maaari mong apelahin ang desisyon. Ang mga pamamaraan ng pag-apela ay nakabalangkas sa patnubay na ito (pahina 11), o maaari kang tumawag sa Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan sa 1-800-621-3362 (FEMA) (para lamang sa mga may kahirapan sa pandinig/pananalita: 1-800-462-7585) para sa impormasyon ukol sa pag-apela sa proseso.

Anong uri ng dokumentasyon ng pagmamay-ari ang maaari kong ipakita para suportahan ang aking aplikasyon para sa tulong? Makikita sa ibabâ ang mga uri ng dokumentasyon na maaaring ibigay para patunayan ang magmamay-ari:

- Ang Kasulatan o Opisyal na tala ay maaaring ang orihinal na deed o deed of trust para sa ari-arian kung saan nakalista ka bilang legal na may-ari.
- Numero ng Titulo na naglilista sa iyo sa mismong eskrow o dokumento ng titulo para sa pagbili ng tirahan.
- Libro Ng Pagbabayad Sa Sangla o mga ibang dokumento ng mortgage (ibig sabihin), late payment notice (paunawa ng late na pagbayad), foreclosure notice (paunawa ng pagbabawi) ay maaaring gamitin para patunayan ang pagmamay-ari kapag ang iyong pangalan ay nakalista kasama ng adres ng nasirang tirahan.
- Ang Seguro ng Tunay na ari-arian ay dapat para sa nasirang tirahan at ang iyong pangalan ay dapat nakalista bilang nakaseguro.
- Resibo ng Buwis o isang kwenta ng bawis na nagpapakita ng nasirang tirahan at naglilista sa iyo bilang ang partidong may pananagutan sa mga pag-aaseso.

Anong uri ng dokumentasyon ng pag-ookupa ang maaari kong ibigay upang suportahan ang aking aplikasyon para sa tulong? Makikita sa ibabâ ang mga uri ng dokumentasyon na maaaring ibigay para patunayan ang pag-ookupa:

- Kwenta Ng Kagamitan para sa nasirang tirahan na nagpapakita ng iyong pangalan (o ang pangalan ng iyong kasamang aplikante) Ang kwenta ng kagamitan ay dapat para sa isa sa mga pangunahing utilities, tulad ng koryente, gas, o tubig.
- Pahayag ng Mangangalakal na ipinadala sa nasirang tirahan na naglalaman ng iyong pangalan (o pangalan ng iyong kasamang aplikante). Kasama sa pahayag ng mangangalakal ang: mga singil sa mga credit card; delivery notices (mga paunawa ng paghatid), o mga ibang first class mail na nakapangalan sa iyo at nagpapakita ng address ng nasirang tirahan.
- Employer's Statement (Pahayag ng Tagapangasiwa) na ipinadala sa nasirang tirahan na naglalaman ng iyong pangalan (o pangalan ng iyong co-applicant). Ang ulat ng employer ay tumutukoy ng sueldo at mga katulad ng naka dokumento na ipinadala sa iyo at nagpapakita ng adres ng nasirang tirahan.

- Kasalukuyang Lisensya at hindi Lisensyadong Tsuper na nagpapakita ng adres ng nasirang tirahan.

Saan ako makakakuha ng impormasyon ukol sa seguro para sa baha? Tumawag sa isang lokal at lisensiyadong ahente ng seguro ng kamatayan o ari-arian o kaya tumawag sa Programang Pambansa Para sa Seguro dahil sa Baha (National Flood Insurance Program) sa 1-800-427-4661.

Dapat ko bang simulang linisan ang aking bahay bago ng inspeksyon? Maaari kang maglinis bago mag-inspeksyon. Kung maaari, kumuha ka ng mga retrato ng mga nasira bago ka maglinis.

Dapat ko bang itago ang mga resibo ko? Oo, dapat mong itago ang mga resibo para sa lahat ng ginastos mo.

2. Mga Pautang sa Kalamidad: U.S. Pamamahala ng mga Maliliit na Negosiyo (SBA):

Bakit ako nakatanggap ng isang aplikasyon para sa utang pang kalamidad mula sa SBA pagkatapos kong mag-apply sa FEMA? Ang SBA ay ang pangunahing pinanggagalingan ng mga pondong pederal para sa pangmatagalang tulong sa pagka rekober para sa mga biktima ng kalamidad. Para sa mga pagkasira dulot ng kalamidad sa mga pribadong ari-arian na pag-aari ng mga may-ari ng bahay, mga umuupa, at mga iba't-ibang laki na kalakal maliban sa pagsasaka, na hindi lubos na sakop ng seguro, ang pangunahing anyô ng Pederal na tulong ay isang pautang para sa kalamidad mula sa SBA na mababâ ang interes. Sa pamamagitan ng mga abot-kaya na pautang, ang SBA sa utang pang kalamidad na programa ay nakakatulong sa mga biktima ng kalamidad na makabayad ng kanilang mga pag-aayos habang pinananatiling makatwiran ang mga gastos para sa tagabayad ng buwis.

Paano ako makakuha ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon para sa isang SBA utang pang kalamidad? May mga SBA opisyal sa pag-papautang sa SBA opisina ng pang kalamidad sa iyong lugar na nagbibigay ng harap-harapang serbisyo sa mga biktima ng kalamidad. Maaari mong bisitahin ang SBA sa alinman sa mga lugar na ito, nang walang tipan. Ang isang kinatawan ng SBA ay masisiyahang sumagot sa mga katanungan at tumulong sa pagkumpleto ng iyong aplikasyon. Upang malaman kung saan ang SBA opisina ng pang kalamidad, tumawag nang libre sa SBA sa 1-800-488-5323.

Kung nakatanggap ng ako ng tseke mula sa FEMA, pero hindi ito sapat para mabayaran ang lahat ng trabahong kinakailangan para maayos ang mga nasira ng kalamidad, maaari ba akong makakuha ng karagdang tulong? Oo. Ang SBA na pang utang ng pangkalamidad ay makukuha para masakop ang halaga ng gastos sa pagpapaayos na hindi pa lubos na nasakop ng pagbabayad. Dapat magsagawa ng isang

aplikasyon sa SBA para sa anumang karagdagang halaga na kinakailangan para lubos na makaahon.

Sa palagay ko ay kaya kong bayaran nang walang tulong ang mga pagpapaayos; dapat ba akong mag-apply para sa isang utang ng pang kalamidad? Maaari mong matuklasan na ang kabuuang gastos para makumpleto ang mga pagpapaayos, nang walang tulong, ay higit sa plinano mo. Sa pamamagitan ng isang aprobadong SBA utang, alam mo na mayroong pondo para maisagawa ang lahat ng pagpapaayos. Habang walang may gusto ng karagdagang utang, ang isang utang na mababâ ang interes, na may abot-kayang pagbabayad, ay isang mas mainam na alternatibo kaysa sa hindi pagkumpleto ng mga pagpapaayos sa mga nasira ng kalamidad.

Ano ang mangyayari kung hindi ko kayang umutang para ipaayos ang nasirang ari-arian? Kung napagpasiyahan ng SBA na hindi mo kayang umutang, awtomatiko kang ire-refer muli ng SBA sa FEMA para sa karagdagang tulong. Maaaring magbigay ng pera ang FEMA para sa mga pangangailangan maliban sa pabahay; gayunman, ang karagdagang tulong na ito ay hindi makukuha ng mga kalakal. Ang layunin ng karagdagang tulong ng FEMA ay ang makatulong mabayaran ang mga kinakailangang gastos at mga talagang kinakailangan, na hindi natugunan ng ibang uri ng tulong, kabilang ang seguro at SBA utang pang kalamidad. **Tandaan na** kung pinadalhan ka ng isang aplikasyon para sa utang pang-kalamidad galing sa SBA, hindi ka ire-refer muli ng SBA sa FEMA maliban kung isinauli sa SBA ang isang nakumpletong aplikasyon para umutang at napagpasiyahan ng SBA na hindi mo kayang umutang. Hindi mo kinakailangang magsumite ng isang SBA aplikasyon para sa utang para maisaalang-alang para sa FEMA tulong para sa upa.

3. Ang Iyong mga Karapatang Sibil at Tulong sa Kalamidad:

Anong mga anyô ng diskriminasyon ang ipinagbabawal ng mga Karapatang Sibil? Maraming mga anyô ng 'di-legal na diskriminasyon na maaaring makasagabal sa pagkakataon ng mga taong makinabang sa patas na pagkuha ng mga serbisyo at mga programa. Kabilang sa iba pang mga bagay, sa pagpapatakbo ng isang programa na tinutulungan ng FEMA, ang tumatanggap (estado o ahente ng gobyernong lokal na tumatanggap ng Pederal na pondo para sa kalamidad mula sa FEMA) ay hindi maaaring -- batay sa lahi, kulay, relihiyon, nasyonalidad, kasarian, edad, o pagiging mayaman o mahirap -- tuwiran man o sa pamamagitan ng kontraktual na pamamaraan:

- Hindi magbigay ng mga serbisyo ng programa, mga tulong o mga benepisyo;
- Magbigay ng naiibang serbisyo, tulong o benepisyo, o kaya magbigay ng mga ito sa paraang naiiba sa pagbigay nito sa mga ibang tao; o,

- Ibukod o tratuhin nang hiwalay ang mga indibidwal sa anumang paraan na may kinalaman sa pagtanggap ng anumang serbisyo, tulong, o benepisyo.

Ang mga pagbabawal na ito ay umaaplay rin sa FEMA mismo sa pagpapatakbo nito sa mga programa na pinapatakbo ng pederal na gobyerno.

Paano kung mayroon akong isang karapatan bilang mamamayan na reklamo? Ang bawat Pederal na Ahensiya na nagbibigay ng Pederal na pinansiyal na tulong ay may pananagutan sa pag-imbetiga ng mga reklamo ng diskriminasyon sa paggamit ng mga pondo nito. Kung naniniwala ka na ikaw o mga ibang tao na protektado ng mga batas ng karapatan bilang mamamayan ay naging biktima ng diskriminasyon sa pagtanggap ng tulong sa kalamidad, maaari mong kontakin ang isa sa mga opisyal para sa pantay pantay na karapatan (Equal Rights Officers - ERO) ng FEMA, na siyang may katungkulan na siguraduhin ang pantay na pag akses sa lahat ng mga programang pang kalamidad ng FEMA. Susubukang pagpasiyahan ng ERO ang iyong mga isyu. Maaari mong makontak ang ERO sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-621-3362 (1-800-621-FEMA) o TTY 1-800-462-7585.

Kung hindi napagpasiyahan ang isyu, maaari kang mag-file ng reklamo sa FEMA. Dapat ipadala ang isang pirmadong nakasulat na reklamo sa opisina ng pantay pantay na karapatan (Office of Equal Rights), karaniwan sa loob ng 180 araw mula petsa ng sinabing diskriminasyon. Dapat kasama sa reklamo ang:

- Iyong pangalan, adres, at numero ng telepono. Dapat may pirma ang iyong reklamo. Kung ikaw ay nag-file para sa ibang tao, isali ang iyong pangalan, adres, numero ng telepono, at ang iyong kaugnayan sa taong iyon (halimbawa, kaibigan, abogado, magulang, atbp.)
- Ang pangalan at direksiyon ng ahensiya, institusyon o departamento na sa paniwala mo ay nag-diskrimina laban sa iyo.
- Paano, bakit, at kailan mo pinaniniwalaan na nag-diskrimina laban sa iyo. Isali ang pinakamaraming background na impormasyon na maaari ukol sa sinabing mga kilos ng diskriminasyon. Isali ang mga pangalan ng mga indibidwal na sinasabi mong nag-diskrimina laban sa iyo, kung alam mo ang mga ito.
- Ang mga pangalan ng sinumang tao, kung nalalaman, na maaaring kontakin ng FEMA para sa karagdagang impormasyon na magsusuporta o magpapaliwanag ng iyong mga pahayag tungkol sa diskriminasyon sa pagpapalakad ng mga programa na pinapatakbo ng pederal na gobyerno.

Ano ang gagawin ng FEMA sa aking reklamo? Oras na na-file ang reklamo, rerebyuhin ito ng FEMA para mapagpasiyahan kung mayroon itong kapangyarihang mag-iimbestiga ng mga isyu na binanggit mo. Kung tinanggap ang iyong reklamo, iimbestigahan ito ng FEMA at susubukan nilang pagpasiyahan ang anumang mga paglabag na mahahanap. Kung hindi matagumpay ang mga negosasyon para isaayos ang paglabag, maaaring simulan ang pagpapatupad ng pamamaraan.

Paano kung gumanti sa akin dahil pinaglaban ko ang aking mga karapatan o dahil nag-file ako ng isang reklamo? Dapat malaman mo na ang isang tumatanggap o ang isang ahensiyang Pederal ay pinagbabawal na gumanti laban sa iyo o sinumang tao dahil siya ay lumaban sa isang hindi legal na polisiya o gawi, o gumawa ng mga bintang, tumestigo, o lumahok sa anumang kilos sa reklamo sa ilalim ng isang batas ng Mga Karapatang Sibil. Kung naniniwala ka na ginantihan ka, dapat mong kontakin kaagad ang opisina ng pantay pantay na karapatan ng FEMA.

Paglalarawan ng mga Dahilan na Hindi Kwaliipikado

1. Mga Pangunahing Desisyon

I69B – Hindi maari – Pirmang hindi makuha (90-69B): Batay sa mga rekord ng FEMA, walang naka-file na pinirmahang Deklarasyon at pagpapalayang porma (90-69B) para sa aplikasyon. Ang pomularyong ito ay kinakailangan bago makapagbigay ng tulong ang FEMA.

IAW – Hindi maari – parehong adres: Batay sa mga rekord ng FEMA, sa panahon na naganap ang kalamidad, ang aplikante ay nakatira sa parehong adres tulad ng ibang tao na nag-apply na para sa FEMA tulong pang tahanan. Ang FEMA ay maaari lamang magbigay ng tulong para sa isang aplikasyon para sa bawat adres.

IDUPA – Hindi maari –dobleng pag rehistro: Batay sa mga rekord ng FEMA, mayroon nang naka-file na aplikasyon para sa tulong sa kalamidad na ito ang aplikante. Ang FEMA ay maaaring lamang magsaalang-alang ng isang aplikasyon lamang mula sa isang aplikante.

IID – Hindi maari – hindi sapat na pinsala: Batay sa isang inspeksyon ng FEMA, natiyak na ang kalamidad ay hindi nagdulot ng sapat na sira sa bahay ng aplikante upang gawin itong hindi ligtas. Ang pagpapasiya na ito ay binatay lamang sa mga pagkasira sa bahay na may kinalaman sa kalamidad.

IIDV – Hindi maari – Nabigong pag-beripika ng pagkakakilanlan: Bago namin maaaring isaalang-alang ang isang aplikasyon para sa tulong sa kalamidad, kinakailangang mapatunayan ng FEMA ang impormasyon na ibinigay sa aplikasyon. Sa panahong ito, hindi namin maitugma ang pangalan ng aplikante sa numero ng social security upang mapatunayan ang pagkakakilanlan.

IMI –Hindi maari –magmintis ng inspeksyon: Batay sa aming mga rekord, ang aplikante ay hindi dumating sa mga tipan sa inspektor ng FEMA. Upang maisaalang-alang para sa FEMA tulong ng pagpapabahay ang aplikante (o isang kasama nito sa bahay na higit sa 18 taong gulang) ay dapat makipagtagpo sa inspektor para maaseso ang mga pagkasira sa bahay na may kinalaman sa kalamidad. Sa panahong ito, ang aplikante ay hindi karapat-dapat na maisaalang-alang para sa FEMA tulong ng pagpapabahay.

INCI – Hindi maari – kawalan ng kontak sa inspeksyon: Hindi makontak ng FEMA inspector ang aplikante para mag-iskedyul ng tipan. Upang maisaalang-alang para sa FEMA tulong sa pagpapabahay, ang aplikante (o isang kasama nito sa bahay na higit sa 18 taong gulang) ay dapat makipagtagpo sa inspektor para maaseso ang mga pagkasira sa bahay na may kinalaman sa kalamidad. Sa panahong ito, ang aplikante ay hindi karapat-dapat na maisaalang-alang para sa FEMA housing assistance.

INFI –Hindi maari – seguro para sa baha: Batay sa aming mga rekord, ang bahay na tinitirahan ng aplikante nang maganap ang kalamidad ay sakop ng seguro para sa baha. Sa panahong ito, ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong sa mga pagkasira ng bahay na sakop ng seguro para sa baha.

INI –Hindi maari – Seguro (kasama ang inspeksyon) Batay sa aming mga rekord, ang bahay na tinitirahan ng aplikante nang maganap ang kalamidad ay sakop ng seguro. Ang anumang mga pagkasira na binanggit sa FEMA inspection ay dapat na sakop ng seguro ng aplikante. Hindi maaring magbigay ang FEMA ng tulong na maaaring makuha mula sa ibang pinanggagalingan, kabilang ang seguro; samakatwid, ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng FEMA sa pagpapaayos ng bahay o pagpalit sa panahong ito. Dapat mag-file ang aplikante ng isang claim sa kanyang ahente ng seguro sa lalong madaling panahon dahil maaaring makapagbigay ang FEMA ng tulong para sa kawalan na hindi sakop ng seguro.

INO - Apila –Hindi maari– saklaw ng seguro ang gastusin pang kabuhayan: Batay sa impormasyon na sinumite ng aplikante, ang bayad sa seguro na mayroon siya sa kanyang bahay ay nagbibigay ng pondo para umupa sa isang pansamantalang tirahan habang inaayos ang bahay. Hindi kami nakatanggap ng mga dokumento na nagpapakita na naubos na ng aplikante ang lahat ng pondong makukuha para sa pag-

upa ng isang pansamantalang tirahan o na ang kabayaran ng seguro ay natagalan nang higit sa 30 araw mula kung kailan nag-file ang aplikante ang bayad ng seguro. Dahil dito, ang appeal ng aplikante ay tinatanggihan at siya ay hindi karapat-dapat tumanggap ng tulong sa pagpapaupa mula sa FEMA.

INO – Hindi maari – Hindi Legal na naninirahan: Ang isang pinirmahang Deklarasyon at porma ng paglaya (90-69B) ay kinakailangan bago maisaalang-alang ng FEMA ang isang aplikante para sa anumang tulong na maaaring karapat-dapat niyang matanggap. Batay sa aming mga rekord, hindi ipinakita ng aplikante na siya, o isang miyembro ng kanyang sambahayan, ay isang Mamamayan ng Estados Unidos, hindi mamamayang pambansa, o isang kwalipikadong dayuhan. Dahil dito, ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng FEMA.

INO – Hindi maari – Walang Katibayan Ng Pag aari : Ayon sa aming mga rekord, hindi pinatunayan ng aplikante na siya ang may-ari ng bahay nang naganap ang kalamidad. Dahil dito, ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng FEMA sa pagpapaayos ng bahay o pagpalit nito.

INONV – Hindi maari – Paninirahan na Hindi Mapatunayan: Nang nag-apply ang aplikante para sa tulong ng FEMA, sinabi niya sa FEMA na nakatira siya sa bahay na nasira ng kalamidad sa mas malaking bahagi ng taon. Nang ginanap ang inspeksyon ng FEMA, hindi nakapagbigay ang aplikante ng mga dokumento na nagpapakita na ang bahay na ininspeksyon namin ay kung saan siya nakatira/tumira. Hanggang mapatunayan namin na ang aplikante ay nakatira sa ibinigay na adres, ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa FEMA tulong sa pabahay.

INR – Hindi maari – Hindi Lilipat: Batay sa mga rekord ng FEMA, sinabi nga aplikante sa inspektor ng FEMA na hindi siya lilipat mula sa kanyang nasirang bahay habang ito’y inaayos. Dahil walang planong lumipat ang aplikante, hindi siya karapat-dapat para sa FEMA tulong para pag upa sa panahong ito.

INS – Hindi maari – Seguro (kasama ng walang inspeksyon): Batay sa aming mga rekord, ang bahay na tinitirahan ng aplikante nang maganap ang kalamidad ay sakop ng seguro. Ang mga pagkasira na inulat sa panahon ng aplikasyon para sa tulong ng FEMA ay dapat sakop ng seguro ng aplikante. Hindi maaring magbigay ang FEMA ng tulong na maaaring makuha mula sa ibang pinanggalingan, kabilang ang bayad sa seguro; samakatwid, ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng FEMA sa pagpapaayos ng bahay o pagpalit nito. Dapat mag-file ang aplikante ng isang claim sa kanyang seguro ahente sa lalong madaling panahon dahil maaaring makapagbigay ang FEMA ng tulong para sa kawalan na hindi sakop ng seguro.

IOVR – Hindi maari– Pinakamalaking labis ng Programa: Batay sa mga rekord ng FEMA, ang pinakamataas na halaga ng pinansiyal na tulong ng FEMA ay naibigay na sa aplikante para sa pabahay at/o ibang mga pangangailangan sa kalamidad. Dahil dito, ang aplikante ay hindi karapat-dapat tumanggap ng karagdagang pinansiyal na tulong mula sa FEMA.

ISC – Hindi maari – Kapahintutulang pang komunidad sa SFHA: Batay sa mga rekord ng FEMA, ang bahay ay nasira ng baha at ito’y nasa isang lugar na binabaha sa isang komunidad na hindi kasalukuyang lumalahok sa Programang Pambansa Para sa Seguro dahil sa Baha. Dahil ang bahay na nasira ng baha ay nasa isang tanging peligro sa baha na lugar, at ang komunidad ng aplikante ay hindi kalahok sa Programang Pambansa Para sa Seguro dahil sa Baha, hindi pinahihintulutan ang FEMA na magbigay ng tulong sa pagpapaayos o pagpalit sa panahong ito.

NCOMP – Hindi Pag-sunod sa mga Kinakailangan Para sa Seguro sa Baha: Batay sa mga rekord ng FEMA, ang aplikante ay inutusang magmintina ng sakop ng seguro sa ari-arian para sa baha. Dahil ang bahay ay nasira ng baha at ang aplikante ay walang aktibong seguro sa baha ng polisiya na nasa file sa Programang Pambansa Para sa Seguro dahil sa Baha, hindi maaring magbigay ng tulong ang FEMA para sa pagpapayos o pagpalit sa panahong ito. Gayunman, maaaring makapagbigay ang FEMA ng tulong sa upa kung matiyak ng isang inspektor na hindi ligtas ang bahay at kinakailangang lumipat ang aplikante habang ito’y inaayos.

WVO – Pagurong – Kusang Pagurong ng Aplikante: Batay sa mga rekord ng FEMA, sinabi ng aplikante na ayaw niya ng tulong ng FEMA. Dahil dito, binawi ang aplikasyon sa FEMA para sa tulong sa kalamidad.

2. Mga Desisyon sa Pag-apela

A-I69B – Apila – Hindi maari – Hindi Makuhang Pirma (90-69B): Batay sa mga rekord ng FEMA, walang pinirmahang form para sa Deklarasyon at paglaya (90-69B) para sa aplikasyon na nasa file. Maaari lamang magbigay ng tulong ang FEMA kapag ang 90-69B na pormula ay pinirmahan, may petsa at nasa file.

A-IAW – Apila – Hindi maari – Parehong Adres: Sa isang dating sulat, pinaliwanag namin na ipinakita ng aming mga rekord na sa panahon na naganap ang kalamidad, ang aplikante ay nakatira sa parehong address tulad ng ibang tao na nag-apply na para sa FEMA tulong sa pabahay. Nirebyu ng FEMA ang apela at mga ibinigay na karagdagang dokumento at hindi pa rin namin mapatunayan na ang aplikante ay nakatira sa adres na naiiba sa tinitirahan ng taong nag-apply. Dahil dito, ang apila ay hindi inaprubahan at ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong sa pabahay mula sa FEMA.

A-IID – Apila – Hindi maari – Hindi Sapat na Pinsala – Mayari: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa FEMA tulong sa pabahay dahil nang ininspeksyon ng FEMA ang bahay, natiyak na ang kalamidad ay hindi nagdulot ng sapat na sira sa bahay ng aplikante upang gawin itong hindi ligtas. Ang pagpapasiya na ito ay binatay lamang sa mga pagkasira sa bahay na may kinalaman sa kalamidad. Ipinaliwanag namin na bagama't maaaring nagdulot ang kalamidad ng kaunting pagkasira, makatwirang maaasahan ang aplikante o ang may-ari ng paupahang bahay na gawin ang mga pagpapaayos na ito. Inilarawan namin ang mga dokumento na maaaring isumite upang ipakita na ang pagkasira sa bahay ay dulot ng kalamidad, at naging sanhi ng 'di-ligtas o 'di-matirahang kalagayan. Nirebyu namin ang apela at napagpasiyahan na ang aming unang desisyon ay tama. Hindi dumanas ang bahay ng pagkasira na may kinalaman sa kalamidad na naglikha ng sapat na sira sa bahay upang gawin itong hindi ligtas para matirahan ng aplikante pagkatapos ng kalamidad.

A-IIDV – Apila – Hindi maari – Hindi Pumasang pagkakakilanlan Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na kinakailangan namin ng karagdagang impormasyon para patunayan ang identidad ng aplikante bago namin maisaalang-alang ang aplikasyon para sa tulong sa kalamidad. Kinakailangang mapatunayan ng FEMA ang impormasyon na ibinigay sa isang aplikasyon, at hindi namin maitugma ang pangalan ng aplikante sa numero ng social security upang mapatunayan ang identidad. Inilarawan namin ang mga dokumento na maaaring magbigay ng kinakailangang pagpapatunay. Nirebyu namin ang apela ng aplikante at mga karagdagang dokumento na ibinigay, at hindi pa rin namin mapatunayan ang identidad. Hindi maaring magbigay ng anumang tulong ang FEMA sa mga indibidwal nang hindi muna pinapatunayan ang identidad nito. Dahil dito, ang apela ay hindi naaprubahan at hindi namin maitutuloy ang pagproseso ng aplikasyon sa panahong ito.

A-IMI - Apila – Hindi maari– Nalampasang Inspeksyon: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na para maisaalang-alang para sa FEMA tulong sa pabahay, ang aplikante (o isang kasama nito sa bahay na higit sa 18 taong gulang) ay dapat makipagtagpo sa inspektor upang maaseso ang mga pagkasira sa iyong bahay na may kinalaman sa kalamidad, at ipinapakita ng aming mga rekord na hindi nagpunta ang aplikante sa mga tipanan niya sa FEMA inspektor. Kinontakt ng aplikante ang Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan at nagtakda ng ibang inspektor upang maaseso ang bahay. Muling hindi nagpunta ang aplikante sa usapan. Dahil dito, hindi na namin maaaring ituloy ang pagtulong sa aplikante.

A-INCI – Apila Hindi maari–Kawalan ng kontak sa Inspeksyon: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na para maisaalang-alang para sa FEMA tulong sa pabahay ang aplikante (o isang kasama nito sa bahay na higit sa 18 taong gulang) ay dapat

makipagtagpo sa inspektor para maaseso ang mga pagkasira sa bahay na may kinalaman sa kalamidad, at na hindi makontak ng FEMA inspektor ang aplikante para mag-iskedyul ng isang tipan. Kinontak ng aplikante ang Numero na makakatulong galing sa FEMA kapag may kapahamakan at nagtakda ng ibang inspektor upang maaseso ang bahay. Matapos ang mga paulit-ulit na pagsubok, hindi pa makontak ng inspektor ang aplikante para mag-iskedyul ng isang inspeksyon. Dahil dito, hindi na namin maaaring ituloy ang pagtulong sa aplikante.

A-INFI - Apila –Hindi maari– Kawalan ng Kabayaran sa Seguro sa Baha o Sulat ng Pagtanggi: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng FEMA sa pagpapaayos ng bahay at pagpalit dahil ang aplikante ay mayroong seguro sa baha. Inilarawan namin ang mga dokumento na maaaring ipadala upang apelahin ang aming desisyon. Nirebyu namin ang apela ng aplikante at ang mga karagdagang dokumento na ibinigay, at hindi pa rin namin mapatunayan ang halaga ng kasunduan ng seguro ng aplikante. Dahil dito, ang apila ay hindi inaprubahan at ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa pangbahay na tulong mula sa FEMA.

A-INI, A-INS - Apila – Hindi maari– Kawalan ng Kabayaran sa Seguro sa Baha o Sulat ng Pagtanggi: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng FEMA sa pagpapaayos ng bahay at pagpalit dahil mayroon silang seguro sa kanilang bahay. Inilarawan din ng sulat na iyon ang mga dokumentong maaaring ipadala ng aplikante upang apelahin ang aming desisyon. Nirebyu namin ang mga dokumentong ibinigay ng aplikante at hindi namin naproseso ang apela dahil hindi kami nakatanggap ng mga detalyadong dokumento ng kasunduan ng seguro o isang sulat ng pagtanggi. Kung mayroong mga katanungan ang aplikante tungkol sa kung ano pa ang mga dokumentong kinakailangan, dapat nilang kontakin ang Numero na makakatulong galing sa FEM kapag may kapahamakan.

A-INO - Apila – Hindi maari – Pagkatapos ng 60-Araw Na Palugit: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag naming na ang anumang apela sa isang desisyon sa FEMA ay dapat isumite sa loob ng 60 araw ng aming sulat ng desisyon. Ang aplikante ay hindi nagsumite ng isang apela hanggang pagkatapos ng 60-araw na palugit. Dahil dito, ang apela ay hindi isasaalang-alang maliban kung ang aplikante ay nahadlangan ng isa sa mga sumusunod na kondisyon sa paggawa ng isang apela: 1). Na-ospital, sakit, kapansanan, o kamayatan ng isang kapamilya mismo; 2). Personal o pantrabahong pagbiyahe na nagpanatili sa aplikante sa labas ng lugar para sa buong panahon ng apela. Kung nais ng aplikante na isaalang-alang ng FEMA ang isang apela, ang aplikante ay maaaring magpadala ng isang sulat ng pagpapaliwanag at ng lahat ng mga may kinalamang dokumento na malinaw na nagpapakita kung bakit hindi nakompleto ng aplikante ang isang apela.

A-INO - Apila – Hindi maari – Ang Kabayaran ng Seguro ay Humigit sa Kapinsalaang Karapatdapat na Pinahihintulutan ng FEMA. Hindi tulad ng pribadong seguro, ang pagkumpuni ng bahay ng programa ng FEMA ay limitado sa mga kinakailangang pagpapaayos lamang. Dahil dito, karaniwang nalalampasan ng mga kabayaran ng seguro ang maibibigay ng FEMA para sa tulong sa pagpapaayos. Dahil hindi maaaring ibigay ng FEMA ang parehong tulong na ibinibigay ng seguro, hindi naaprubahan ang apela ng aplikante.

A-INO - Apila – Hindi maari – Hindi Legal na Naninirahan: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na hindi maisaalang-alang ng FEMA ang aplikante para sa anumang tulong na maaaring karapat-dapat nilang matanggap hanggang ipinahayag nila sa isang porm ng Deklarasyon at Paglaya (90-69B) na sila o ang isang miyembro ng kanilang sambahayan ay isang Mamamayan ng Estados Unidos, Hindi mamamayan, o isang kwalipikadong dayuhan. Iminungkahi rin namin na magkompleto at magsumite ang aplikante ng ibang pormularyo. Nirebyu namin ang apela ng aplikante at ang mga karagdagang dokumento na ibinigay, at hindi pa rin namin matiyak na ang aplikante o ang isang miyembro ng kanyang sambahayan ay isang mamamayan ng Estados Unidos, hindi mamamayan, o isang kwalipikadong dayuhan. Dahil dito, ang apela ng aplikante ay tinanggihan, at hindi sila makukonsidera para sa tulong mula sa FEMA.

A-INO - Apila –Hindi maari – Hindi Mapatunayang Pagaari: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na hindi napatunayan ng aplikante na siya ang may-ari ng bahay nang naganap ang kalamidad. Inilarawan namin ang mga dokumento na maaaring isumite ng aplikante na makakapagpakita ng pagmamay-ari ng nasirang bahay. Nirebyu namin ang apela ng aplikante at ang mga karagdagang dokumento na ibinigay; gayunman, hindi pa rin namin mapatunayan na ang aplikante ang may-ari ng bahay. Dahil dito, ang apela ay tinanggihan at ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa sa tulong ng FEMA sa pagpapaayos ng bahay at pagpalit.

A-INO - Apila – Hindi maari – Hindi Makayanang Pagsasauli ng Aprobadong Rate ng Upa: Dati ay ipinaliwanag namin na ang halaga ng buwanang tulong ng FEMA sa upa ay batay sa bilang ng okupadong silid-tulugan sa bahay ng aplikante nang naganap ang kalamidad, at ito’y limitado sa mga rate ng upahan na natiyak ng FEMA at ng Departamento ng Pag-unlad Lungsod at ng Pagpapabahay ng Estados Unidos (U.S. Department of Housing and Urban Development - HUD). Nirebyu namin ang apela ng aplikante at ang karagdagang impormasyon na ibinigay. Napagpasiyahan namin na ang buwanang upa na ibinayad namin sa aplikante ay ang naaangkop na halaga. Dahil dito, ang apela ay tinanggihan at hindi ka namin mababayaran ng isang mas mataas ng buwanang upa.

A-INONV - Apila – Hindi maari – Hindi Mapatunayang Pagupa: Nirebyu naming namin ang apela ng aplikante at ang mga karagdagang dokumento na ibinigay, at hindi

pa rin namin mapatunayan na ang bahay na inulat ng aplikante ay kung saan siya nakatira (tumira). Dahil dito, ang apela ng aplikante ay hindi inaprubahan at hindi sila karapat-dapat para sa housing assistance mula sa FEMA.

A-IOVR - Apila – Hindi maari – Pinakamataas na Labis sa Programa: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa karagdagang tulong mula sa FEMA dahil ang pinakamataas na halaga ng pinansiyal na tulong mula sa FEMA ay naibigay na para sa pabahay at/o ibang mga pangangailangan na may kinalaman sa kalamidad. Nirebyu namin ang apela at ang mga karagdagang dokumentong ibinigay. Ipinapakita pa rin ng aming mga rekord na naabot na ng aplikante ang pinakamataas na limit ng pinansiyal na tulong mula sa FEMA. Samakatwid, hindi kami makapagbibigay sa aplikante ang karagdagang tulong mula sa FEMA.

A-ISC - Apila- Hindi maari - Kapahintulutan ng Komunidad sa SFHA: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng FEMA sa pagpapaayos ng bahay at pagpalit dahil ang bahay ay nasa isang lugar ng baha sa loob ng isang komunidad na hindi kasalukuyang kalahok sa Programang Pambansa Para sa Seguro dahil sa Baha. Inilarawan din ng sulat na iyon ang mga dokumentong maaaring ipadala ng aplikante para apelahin ang aming desisyon. Nirebyu namin ang apela at ang mga karagdagang dokumentong ibinigay. Ipinapakita pa rin ng aming mga rekord na ang bahay ng aplikante ay nasa isang lugar na binabaha at ang mga pagkasira sa bahay ay dulot ng baha. Dahil dito, ang apela ay tinanggihan at ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong sa pabahay mula sa FEMA.

A-NCOMP - Apila – Hindi Pagtupad Sa mga kahilingan ng Seguro sa Baha: Sa isang dating sulat, ipinaliwanag namin na ang aplikante ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng FEMA sa pagpapaayos ng bahay at pagpalit dahil hindi nila minintina ang kinakailangang seguro sa baha para sa ari-arian nila. Dahil hindi kami nakatanggap ng dokumentasyon para matiyak na ang bahay ay hindi nasira ng baha at/o hindi kami nakatanggap ng mga dokumento na nagpapakita na ang aplikante ay mayroon ngang aktibo na seguro sa baha na polisiya sa ari-arian, ang apela ay tinaggihan.

Sampol - FEMA Form 90-69B

Declaration and Release

DEPARTMENT OF HOMELAND SECURITY FEDERAL EMERGENCY MANAGEMENT AGENCY DECLARATION AND RELEASE(PAHAYAG AT PAGBIGAY NG IMPORMASYON)		<i>O.M.B. No. 1660-0002</i> <i>May bisa hanggang ika-31 ng Mayo 2010</i>	
PAHAYAG AT PAGBIGAY NG IMPORMASYON			
Upang maging kwalipikadong tumanggap ng FEMA Tulong ng FEMA sa Kalamidad, ang isang miyembro ng tahanan ay dapat isang mamamayan, hindi mamamayan o kwalipikadong dayuhan ng Estados Unidos. Mangyaring basahin nang maingat ang pormularyo, pirmahan ang papel at isauli ito sa Inspektor, at ipakita sa kanya ang isang kasalukuyang ginagamit na photo ID. Mangyaring huwag mag-atubiling mangonsulta sa isang abogado o ibang eksperto sa imigrasyon kung mayroon kang anumang mga katanungan.			
Sa pamamagitan nito ay ipinapahayag ko, sa ilalim ng parusa, na (magtsek ng isa):			
<input type="checkbox"/> Ako'y mamamayan o hindi mamamayan ng Estados Unidos.			
<input type="checkbox"/> Ako'y isang kwalipikadong dayuhan ng Estados Unidos.			
<input type="checkbox"/> I-print ang buong pangalan at edad ng menor-de-edad na bata: Ako ang magulang o guardian ng isang menor-de-edad na bata na nakatira kasama ko at na mamamayan, hindi mamamayan o kwalipikadong dayuhan ng Estados Unidos. I-print ang buong pangalan at edad ng menor-de-edad na bata:			
Sa pamamagitan ng aking pirma, pinatutunayan ko na: <ul style="list-style-type: none"> * Isang aplikasyon lamang ang isinumite para sa aking tahanan. * Ang lahat ng impormasyon na ibinigay ko hinggil sa aking aplikasyon para sa FEMA tulong sa kalamidad ay totoo at wasto sa aking pinaka-nalalaman. * Isasauli ko ang anumang kalamidad aid na pera na natanggap ko mula sa FEMA o sa Estado kung nakatanggap ako ng seguro o ibang pera para sa parehong loss, o kung hindi ko ginamit ang FEMA salapi na tulong para sa kalamidad para sa binabalak na layunin nito. <p>Naunawaan ko na, kung sadya akong gumawa ng mga maling pahayag o nagtago ako ng anumang impormasyon upang subukang makakuha ng kalamidad aid, ito'y labag sa mga pederal at Estadong batas, at nagdudulot ng mga malubhang kriminal na sibil na multa, kabilang ang isang multa na hanggang \$250,000, pagbilanggo, o ang kapwa dalawa nito (18 U.S.C. §§ 287, 1001, at 3571).</p> <p>Naunawaan ko na ang impormasyon na ibinigay hinggil sa aking aplikasyon para sa FEMA tulong pang kalamidad ay maaaring kailangang ipamahagi sa loob ng Department of Homeland Security (DHS) kabilang, ngunit hindi natatakda sa, Bureau of Immigration and Custom Enforcement.</p> <p>Pinahihintulutan ko ang FEMA na patunayan ang lahat ng impormasyon na ibinigay sa akin tungkol sa aking property/lugar ng tirahan, kita, trabaho at dependents upang matiyak ang aking pagiging kwalipikado para sa tulong sa kalamidad; at</p> <p>Pinahihintulutan ko ang lahat ng mga custodian ng mga rekord ng aking seguro, tagapag-empleyo, at anumang publiko o pribadong ahensiya, pinansyal ng bangkol o credit data service na ibigay ang impormasyon sa FEMA at/o Estado kapag hiniling.</p>			
PANGALAN (I-print)		PIRMA	
INSPECTOR ID NO.		FEMA APPLICATION NO.	
ADDRESS NG NASIRANG PROPERTY		LUNGSOD	ESTADO
			ZIP CODE
PAHAYAG NG BATAS NG PAGKA-PRIBADO			
Ang Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act, 42 U.S.C. §§ 5121-5206, Executive Order 12148, tulad ng pagbabago dito, at Title IV ng Personal Responsibility and Work Opportunity Reconciliation Act of 1996, 8 U.S.C. §§ 1601 et seq., ay nag-aawtorisa sa pangongolekta ng impormasyong ito. Ang pangunahing paggamit ng impormasyong ito ay ang matiyak ang iyong pagiging kwalipikadong tumanggap ng FEMA disaster assistance. Maaaring ibigay sa iba ang impormasyong ito: Kapag hiniling nang nakasulat sa mga pederal at estadong ahensiyang nagbibigay ng disaster assistance, at sa mga lokal na gobyerno o mga boluntaryong ahensiya mula kung saan ikaw ay humihingi ng tulong, upang ang mga pagsisikap na magbigay-tulong o ang mga benepisyo ay hindi nadoble; sa mga ahensiya, mga organisasyon at mga institusyon, tulad ng kinakailangan upang makuha ng FEMA ang impormasyon mula sa kanila upang matiyak ang pagiging kwalipikado; sa mga pederal, estado at lokal na ahensiya ng gobyerno, upang itaguyod ang pagpapalano at pagpapatupad ng peligrong pagpapagaan; sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas o mga propesyonal na organisasyon kung saan maaaring may paglabag o maaaring magkaroon ng paglabag sa batas; sa isang pederal, estado o lokal na ahensiya kapag humingi kami ng impormasyon na may kinalaman sa isang desisyon ng Ahensiya tungkol sa pag-isyu ng isang grant o ibang benepisyo, o sa ilang mga kaso kapag humingi sa amin ang isang Pederal na ahensiya ng ganong impormasyon; sa isang Congressional na tanggapan bilang pagtugon sa isang pagtanong na ginawa sa kahilingan ng indibidwal; sa Office of Management and Budget (OMB) hinggil sa batas ukol sa private relief sa ilalim ng OMB Circular A-19; at sa National Archives and Records Administration sa mga inspeksyon ng pamamahala ng rekord na isinagawa sa ilalim ng awtoridad ng 44 U.S.C. §§ 2904 at 2906. Ang iyong social security number ay hinihingi sa panahon ng pagrerehistro alinsunod sa Debt Collection Improvement Act of 1996, 31 U.S.C. §§ 3325(d) at 7701(c)(1). Ang pagbigay ng social security number, at pati na iba pang impormasyon, ay kusang-loob, pero maaaring matagalan o mahadlangan ang pagbigay ng disaster assistance kapag hindi ito ibinigay.			
PAUNAWA NG KATAGALAN NG PANAHON PARA SA PAGSASAAYOS NG MGA DOKUMENTO			
Ang public reporting burden (katagalan ng panahon para sa pag-uulat ng publiko) ay tinatantiyang umabot ng humigit-kumulang sa 2 minuto bawat sagot. Kasama sa tinantiyang katagalan ang panahon para rebuyhin ang mga gagawin, pangongolekta ng datos, at pagkompleto at pagsumite ng pormularyo. Hindi ka inuutusang kumpletihin ang koleksiyon ng impormasyon na ito maliban kung may balidong O.M.B. control number na makikita sa itaas na kanang sulok ng pormularyong ito. Ipadala sa sumusunod ang mga puna hinggil sa pagiging wasto ng katagalan at ng tantiya ng panahon at anumang mga mungkahi upang bawasan ang panahon: Information Collections Management, U.S. Department of Homeland Security, Federal Emergency Management Agency, 500 C Street, SW, Washington, DC 20472, Paperwork Reduction Project (1660-0002). PAUNAWA: Huwag ipadala ang iyong kinumpletong pormularyo sa adres na ito.			

FEMA Form 90-69B, MAYO 07

PINAPALITAN NITO ANG LAHAT NG MGA NAUNANG EDISYON

**KUNG SINUSUSPETAHAN MO NA MAY NAG-
FILE NG PAGANGKIN NG PINSALA NA HINDI
TOTOO,
TAWAGAN ANG FEMA FRAUD HOTLINE:**

1-800-323-8603

**TULUNGAN ANG FEMA NA
SIGURADUHIN NA ANG
TULONG SA KALAMIDAD AY
PUMUPUNTA LAMANG SA MGA
TAONG KARAPAT-DAPAT.**

**ISANG PAGLABAG SA PEDERAL
NA BATAS ANG MAG-FILE NG
ISANG HABOL NA HINDI
TOTOO.**

Ang tulong ng FEMA ay makukuha ng sinumang apektadong tao o sambayahan na tumutugon sa mga kondisyon ng pagiging kwalipikado. Walang Pederal, Estado, o lokal na entidad o opisyal (o kanilang ahente) ang maaaring makitungo nang hindi pantay sa sinumang indibidwal dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, edad, bansang pinaggalingan, kapansanan, o pagiging mayaman o mahirap.